



Huminga nang malalim ang labing-siyam na taong gulang na si Kenna pagkaibis niya ng taxi sa harap ng five-star hotel na iyon. She tried to steady her fast-beating heart, saka bahagyang sinulyapan ang kanyang suot na gold satin gown na may mahabang slit sa kaliwang hita. Nakikita ang maputi niyang hita sa bawat hakbang.

Kumikinang sa maliwanag na ilaw ang kanyang suot nang pumasok siya sa lobby ng hotel. Nakalugay ang makintab, mahaba at tuwid niyang buhok na pinakulayan ng brown at may bahagyang makeup sa mukha upang mas mag-mature ang kanyang hitsura kahit paano. Baby-face pa naman siya.

Lahat ng pares ng mga mata ay napatuon sa kanya. Kahit sa mahinang musika sa background ay tila biglang tumahimik ang paligid at ang mabagal na paghikbang ng kanyang mga paang nakasuot ng abuhing cigarette-heeled shoes ang tila tanging maririnig. Humigpit tuloy ang pagkakawahawak niya

sa kanyang gintong clutch bag.

Smile, Kenna, aniya sa sarili. Sa ilang segundong paggala ng kanyang tingin sa lobby ay tila namemorya kaagad niya ang kabuuan niyon. Makintab ang cream-colored tiles ng sahig at maliwanag ang crystal chandeliers sa mataas na puting kisame. May dalawang abstract paintings sa likod ng midnight-colored reception desk kung saan naroon ang dalawang magagandang receptionist. May kanyakanyang ginagawa ang mga uniformed hotel staff at mga guests na ang iba ay kaswal ang suot at ang iba naman ay naka-business attire.

“Call Mr. Fergusson’s room, please,” marahang sabi niya sa magandang receptionist na naka-bun ang buhok at maganda ang pagkaka-makeup.

“Your name, please,” nakangiting sagot nito.

“Mackenna Ambrosio.”

Agad na iniangat ng babae ang telepono para tawagan ang kanyang sadya. Pagkatapos nitong makausap ang sinuman sa kabilang linya ay tumingin sa kanya ang nakangiti pa ring receptionist na may name tag na ‘Rose’ sa kaliwang dibdib nito.

“Miss Ambrosio, you can take the elevator on the left and go straight up ahead to the penthouse,” anito, sabay turo sa direksyong tinukoy.

“Okay. Thank you,” sagot niya. *Oh, God! Am I really doing this?* Pabalik-balik iyon sa kanyang isip. Pumasok na siya sa elevator at pinindot ang ‘P’ na button sa panel para sa penthouse. *Matindi ang pangangailangan mo, Kenna, kaya lunukin mo na ang pride at prinsipyo mo. It’s just a date, nothing else—well, I hope.*

Just a month ago, nakilala niya online si Mr. Dustin Fergusson sa isang sugar dating site na tinatawag na *Sugar Daddy’s Babe*. He was thirty-nine years old, ayon sa profile nito.

Lahat ng kalalakihan sa dating site na iyon ay milyonaryo kung hindi man bilyonaryo. Legit iyon dahil sa masuring pagtanggap ng mga miyembro ng dating site. Lahat ng papeles ng assets ng isang potential member, pati na ang yearly tax payments ay kailangang ipasa bago maging full-fledged member.

It wasn’t long when she’d registered as a free member na sugar baby. She even had a couple of indecent proposals and dirty talks, but despite it all, she’d managed to have a quick arrangement between her as sugar baby and Mr. Fergusson as her sugar daddy. Thankfully. She needed it pretty much.

Sa katunayan nga ay natuwa siya nang maka-receive ng first allowance sa buwang iyon sa

binuksan niyang account sa bangko. Kapital niyon ay ang pakikipag-chat, pakikipag-flirt at pakikipag-date niya kay Mr. Fergusson kapag gusto nito. At least, he wasn't worse than those other men she'd had correspondence with.

But this was their first meeting dahil naka-base ito sa ibang bansa and currently, he was on a business trip in Manila kaya gusto nitong ma-meet siya in person. He wanted to bring her as his date to a birthday party. Isang business associate daw ang celebrant.

Nang tumunog at bumukas ang elevator ay napahugot siya ng hininga. She waited for a second or two before she got out. Sinalubong siya ng isang lalaking naka-three-piece suit at eyeglasses. Average ang height nito at medyo payat. He looked serious but amicable; mukha rin namang harmless.

“Miss Ambrosio?” anang morenong lalaki.

“Yes. You can call me ‘Kenna,’” sagot niya na napatitig dito. Surely this man wasn't Mr. Fergusson. Hindi ito ang nasa picture na nakita niya.

“I'm Ramon, Mr. Fergusson's personal assistant.” Nakipagkamay ito nang saglit sa kanya. “This way, please,” anito na nagpatiunang maglakad sa malapad at malinis na hallway.

Sumunod siya rito. Buong floor yata iyon ng hotel sa laki. Hindi nakasisilaw ang liwanag ng recessed lighting at wall sconces na dilaw. May ilang naka-pot na tanim sa mga sulok na kanilang nadaanan at may paintings ng magagandang landscapes na nakasabit sa dingding.

Napasulyap si Kenna sa kanyang relo; mag-a-alas ocho na ng gabi. She wondered what time she'd be able to go home at this rate. Mukhang hindi naman doon ang party dahil napakatahimik ng paligid.

Sa dulo ng hallway ay binuksan ng lalaki para sa kanya ang itim na pinto na may vertical steel handle. Pagpasok niya roon ay bumulaga sa kanya ang isang napakalaki at eleganteng silid. Ngayon lang siya nakakita ng ganoon.

Sa bandang kaliwa ay nakita niya ang minibar at tila isang island table. Mukhang kitchen at dining area ang katabi niyon. Sa gitna naman ay naroon ang isang malawak na living area na nakaharap sa salaming dingding kung saan makikita ang city nightscape at panoramic view na sobrang ganda dahil sa labo-labong kulay ng berde, asul, pula, rosas, ginto at iba pa. Sa kanan ay may isang malaking silid na sa palagay niya ay tulugan.

“Habang hinihintay mo si Mr. Fergusson ay

puwede kang maupo roon, Kenna,” sabi ni Ramon mula sa likuran niya at itinuro ang mahabang sofa sa living area.

Nakangiti siyang tumango.

“You want a drink?” alok nito.

“No, thank you,” tanggi niya. Pagkatapos niyang maupo ay kaagad na lang itong nawala. Bigla tuloy siyang kinabahan na hindi mawari. Tumayo siya at napabaling muli ng tingin sa cityscape. Hindi niya iyon palaging nakikita nang ganoon. She wished that her nervousness would go away as the beautiful sight met her eyes and took her breath away.

Naisip niya ang kanyang ina. Malilintikan talaga siya kapag nalaman nito ang ginagawa niya sa kasalukuyan. Pero dahil din naman dito kaya niya ginagawa iyon kaya pinilit na lang niyang itinaboy ang pag-aalala sa isipan.

Six months ago ay na-diagnose si Aling Naty na may type 1 diabetes. May komplikasyon na ito sa puso kaya bawal ma-stress at mapagod kaya pinatigil niya ito sa pagtatrabaho sa factory. Marami itong gamot na dapat i-maintain, lalo na ang insulin. Nagko-crochet na lang ang kanyang ina at ibinebenta ni Kenna online at sa mga kakilala, pero kulang ang kita mula roon, lalo at nag-aaral siya. Nagpa-part-

time job siya, pero hindi iyon sapat sa pang-araw-araw nilang gastusin na mag-ina.

Minsan ay nag-surf siya sa Internet ng tungkol sa mga puwedeng pagkakitaan nang mabilis. Napunta siya sa sugar daddy dating site at nagbaka-sakali. Suwerte naman na nagkaroon agad siya ng arrangement at heto nga siya ngayon. But since isa siyang greenhorn, kailangan niyang mag-ingat. Ang kailangan ay charm, wit, at flirting skills, which would all be put to test tonight.

Nang may yumakap sa kanya mula sa likuran at hinalikan ang kanyang hubad na balikat. He smelled of musk, aftershave and something else that was unique. Ang maiinit nitong bisig ay bumilanggo sa kanya at dumantay ang mga palad sa puson niya. She could feel the heat radiating from that person who had the musky and spicy scent. It was kind of heady and it teased her senses. Her soft back felt the hard-rock body pressed against hers. Oddly, however, his touch, his scent and his kiss seemed to awaken something deep within her, which she'd never known she possessed. It almost unnerved her at napasinghap siya.

“I thought you weren't coming,” he whispered.

Napalingon siya sa lalaki. Their eyes met.

Confusion and surprise registered in those sexy steely gray eyes. He was Caucasian.

“Who the hell are you?” he demanded, letting go of her.

Napatili ang dalaga kasabay niyon. Nabitawan din niya ang kanyang clutch bag at napaurong sa dingding na salamin. Napa-sign of the cross pa siya. Hindi niya kilala ang lalaking ito!

Noon naman dumating si Ramon. Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa ng lalaki.

“Ramon! Who the f*ck is this?” singhal ng Caucasian na lalaki. Lagpas sa anim na talampakan ang taas nito, nakasuot ng three-piece suit na midnight blue. Kahit Caucasian ay tanned ang balat nito, matangos ang ilong, tila inihulma ang mga kilay, abuhin ang mga mata na napapayungan ng mahahaba at malalantik na pilik, mataas ang cheekbones at mamula-mula ang mga labi. Light brown ang buhok nito at parang sa isang Hollywood star ang pangangatawan.

Despite the current awkward situation, Kenna could not help but admire this man like a teenager that she was na nakita ang kanyang crush. He looked like he was in his middle to late thirties. Too old for her... but it didn't matter to her. Feeling niya ay

para siyang hinihigop ng mga mata nito at tila may kiliti siyang naramdaman doon. She had never met anyone sexier than this man.

Nakamaang siyang bumaling kay Ramon na biglang natigilan sa loob nang ilang sandali.

Nauutal itong nagsimulang magpaliwanag, “Uhm... A-ang akala ko... s’abi ni Sir—”

“There you are, Kenna!”

Napaligon ang dalaga sa isa pang lalaking biglang dumating. Matangkad ito, moreno, dark-haired, palangiti at friendly ang mukha. Hindi rin niya ito kilala.

Oh, God! Ano itong nasuungan ko? kabadong naisaloob niya. Umatras siya mula sa tatlong lalaki hanggang sa dumikit na ang kanyang likod sa salaming dingding. She could feel the biting cold touching her bare back. Pinaglalaruan ba siya ng mga ito? Of course, there was a chance it might be so. Sa Internet pa ba? Maraming kalokohan at krimeng nagaganap nang dahil sa Internet.

Para siyang tinakasan ng dugo habang nakatitig sa kanya ang tatlong lalaki.

Humakbang palapit sa kanya ang morenong lalaki, nakangiti pa rin. “It’s me, Dustin Fergusson.”

Napaawang ang kanyang mga labi at nanlaki

ang mga mata. *No! Definitely not!* Hindi iyon ang mukhang nakita niya sa dating site.

Napabaling siya ng tingin sa mas matangkad na lalaki na humalik sa kanya kani-kanina lang. Kinuwelyuhan nito ang kadarating lang na lalaki.

“Dustin Finn Fergusson? Are you out of your mind? What the hell did you do this time, Jared?” he demanded.

Nagtaas ng kamay ang moreno, tanda na sumusuko ito pero nakangisi pa rin. He looked like he was caught doing a prank but wasn't feeling guilty at all. “Sorry, *cuz*. I took the liberty of arranging a sugar baby for you, especially for this party tonight. I just wanted you to have fun. I swear!”

Napakunot-noo si Kenna kahit nakamaang pa rin.

Lumingon sa kanya ang magpinsan.

“See? She's... perfect!” ani Jared na itinuro pa siya.

Halos patulak itong binitawan ng mas matangkad na lalaki. The real Dustin Fergusson's gray eyes seemed to appraise her now. They moved from her face down to her breasts and down to her peeking toes and back. It was so achingly slow. She actually felt like the heat rise to her face and warmth spread

across her belly, fluttering there.

Sa wakas ay nakabawi na rin siya. “W-what’s going on here?” tanong niya na nakakunot-noo pa rin. Mabilis siyang yumuko para pulutin ang kanyang clutch bag na nabitawan.

Hindi niya napansin ang pasimpleng pagtingin ng dalawang lalaki sa kanyang cleavage na na-expose sa ginawa niya. Ilang saglit ang lumipas ay napansin niyang umalis na si Ramon at iniwan sila para sagutin ang tawag nang mag-ring ang cell phone nito.

“Kenna, ako ’yong ka-email at ka-chat mo,” sabi ni Jared sa kanya na nakangiti pa rin. “Sorry, I had to at least protect my cousin’s real identity—and of course, mine, too.”

“Bullshit!” Dustin snorted. “You used my name! My real name! And on a dating site? Are you out of your f*cking mind? Christ!”

Hindi iyon pinansin ni Jared. “I used his name. I thought it was for his own good,” patuloy nitong paliwanag sa kanya.

“What *good* are you talking about?” singit uli ni Dustin.

Sinulyapan lang ito ni Jared, na muling bumaling sa kanya para magpatuloy sa sinasabi. “That’s why I

readily asked you for your email address so I could quickly deactivate the account on that dating site but still able to contact you whenever I want.”

Napalunok si Kenna. “H-hindi...”

“Yes. Hindi totoong pictures namin ang ginamit ko,” sabi nito. “Just some random guy I could find on the Internet.”

“P-pero...”

“How did I manage to become a premium member on that dating site under their scrutiny? Well, it was easy. I just used some software to manipulate papers and IDs. Not really difficult to do. It’s my hobby,” he said, chuckling with pride.

Napakurap-kurap siya habang tumiim naman ang mukha ng pinsan nito. Dustin obviously didn’t like this situation at all, but there was something in the way he stared at her, roving his eyes up and down her body, that made her so aware of herself and her present predicament. She felt cheap and embarrassed.

But he really looked so sexy, gorgeous, powerful, and so manly that she knew very well that he would have no trouble hooking up with any woman he wanted. And God, those eyes! Ang hot kung makatitig sa kanya. Hindi tuloy siya mapakali. Ang

lakas din ng tibok ng puso niya. Feeling niya ay hinuhubaran siya nito.

“Prove it,” hamon niya kay Jared. Hindi niya alam kung bakit basta na lang iyon lumabas sa kanyang mga labi. Gusto niyang malaman kahit paano na hindi iyon isang prank o kung anuman.

Tumawa ito. “Hmm... that’s easy. You told me you want a wholesome arrangement, to which I easily agreed in exchange for some... *fun moments*.”

Okay. Sinabi ko nga iyon. “What else?” Tinitigan niya ito at tinantyang maigi. She caught the mocking smile of his cousin, though.

Tumaas ang kilay ni Jared. “Well, you’re still studying Political Science and that you want to become a lawyer someday.”

Okay. Sinabi ko nga rin iyon sa kanya. Napasulyap si Kenna sa pinsan nitong matamang nakikinig at nakatingin sa kanya. *God! Ba’t ba kasi ang lagkit niyang makatingin?* Palaging lumulundag ang puso niya sa tuwing napapatingin siya rito. It made her body tingle even though he was not even touching her. Basta pakiramdam lang niya ay parang hinahaplos nito ang buong katawan niya kahit sa titig lang.

Dinilaan niya ang mga labi habang iniiwas

ang tingin dito. Ano pa ba ang gusto niyang proof para maniwala kay Jared? Dalawang bagay iyon na importante sa kanyang arrangement sa dating site na iyon.

“S-so, I’m supposed to be your ‘date’ tonight, right?” paglilinaw niya. She refused to look at his cousin who seemed to watch her with great interest and amusement in those gray eyes.

Tumawa nang mahina si Jared. “You’re going to be his date, actually. Sinabi ko na kanina, ginawa ko ito para sa kanya. I’m sorry for being an ass.” Bumaling ito sa pinsan. “Really! You can’t go with Monique! She’s not good for you, *cuz*.”

Pinanood niya ang dalawang lalaki, saka kinabahang bigla. Ang tunay na Dustin Finn Fergusson ang magiging date niya? Para na naman siyang na-mesmerize habang nakatingin sa lalaking nakatagilid at nakikipag-usap sa pinsan nito in hushed tones. He towered over his cousin Jared, who was fairly tall himself. Kenna stood only five feet and two inches, plus a four-inch pair of heels. Kulang pa rin ang height niya para umabot sa baba nito.

Sino kaya ang Monique na pinag-uusapan nila? she wondered. Naku-curious na siya sa tunay na Dustin.

Well, who wouldn't? He was drop-dead gorgeous, for one! Kahit saang anggulo niya tingnan, makatulo-laway ito at makalaglag-panty. Muli ay napalunok siya. She hoped she wasn't actually drooling while looking at him. Itinikom niya ang kanyang bibig para makasiguro.

"So, I'll leave the two of you to talk about what you're going to do tonight. *Ciao!*" paalam ni Jared, sabay kaway sa kanya.

Napamaang si Kenna. Parang bigla siyang kinabahan sa pag-alis nito. Ngayon ay sila na lang dalawa ni Dustin ang naiwan. When he stepped closer to her menacingly, parang mapupugto ang hininga niya.

"Now, let's talk about that sugar dating arrangement you had with my troublesome cousin," he said, his eyes roving all over her face like he was physically caressing it.

She swallowed hard as she felt a lump in her throat. Her heart kicked her ribcage so hard her breasts rose and fell in a pace like she'd been running for miles. It was really ironic because she was just standing there, looking at those stormy eyes that seemed to appear hazy with desire.

2



"Huh?" di-makapaniwalang reaksiyon ng dalaga sa sinabi ni Dustin.

He stepped even closer to her until their bodies almost touched. She smelled of roses, with a hint of fruity sweetness that seemed to emanate from her skin. He had never smelled someone so beguiling as she was. Why did he mistake her for Monique just a little while ago? Siguro dahil sa mahaba nitong buhok? He just noticed that she was more petite than Monique.

He liked petite women, but not innocent ones. Clearly, this one was one innocent girl, who looked like fresh out of high school. He was amused by the way she'd made up herself to look mature. But he couldn't be fooled.

"Yes. As of now, your arrangement with him is terminated."

Napamaang ito, tila nag-panic. But it was only for a moment dahil agad itong nakabawi at lalong

itinaas ang noo sa kanya. “So, what do you want from me?”

The corners of his mouth lifted into a slow smile. “You’re going to have a brand-new arrangement with me. That is, if you’re amenable to it.”

Sinalubong nito ang tingin niya. He knew very well she acted brave. He wondered why a pretty little thing like her jumped into the ‘sugar bowl’ dating. She didn’t strike him as a materialistic, slutty young woman even at first glance. But whatever her reason was, he might as well indulge himself in whatever she could offer. He would start with a proposal and see from there.

“I’m listening,” saad nito.

He snorted gently. “Hindi ako katulad ni Jared. You should know that firsthand.”

Nakita niya ang pamumula ng mga pisngi nito. Maybe she thought about what he’d done to her a little while ago—agad niya itong niyakap at hinalikan. Kung hindi pa ito lumingon sa kanya, he could’ve done something more, as his body had tightened at the mere sight of her. Kahit na nakatalikod lang ito.

“Kahit na magkaedad lang kami ni Jared, he’s more immature than I am.”

“I... I figured that out,” sang-ayon nito.

“So, kung interesado kang magkaroon tayo ng arrangement, it will not be wholesome.”

Napasinghap ito.

Napangiti ang binata. Sinabi na nga ba niya at inosente ito. He could have a change of flavor then. Susubukan naman niya ang hindi sopistikadang babae. Jared pointed out that Monique wasn't good for him. Of course, he knew it damn well; but the thing was that Monique wasn't complicated. He didn't want complicated things. Gusto niya iyong madali lang. But a change once in a while wouldn't hurt, would it?

“W-what do you mean by that?” paglilinaw nito na napatitig sa kanyang mukha.

Sinadya niyang haplusin ito ng tingin mula noo, mga kilay, mga mata, ilong, bibig at mukha hanggang sa cleavage nito, pabalik sa mga labi nito. “I want you, not only as my date for tonight but as my woman... for as long as I want.” Sinadya niyang tumigil sa pagsalita para malaman ang reaksyon nito.

Her throat worked up and down. Bahagya itong kumurap habang halatang nag-iisip. Siguro ay tinimbang nito ang kanyang proposal kahit hindi pa iyon kompleto.

“You can have everything you want—anything at all. I can give you that,” he continued. “Monthly allowance, a credit card, a car, a mansion—if you want—or a condo. Whatever. You can ask me anything. You can call this relationship anything you want, too. Kahit na tawagin mo pa akong sugar daddy, *oppa*, boyfriend, your man... anything. I don’t care. I just want one thing in return. You.”

Napasinghap itong muli sa sinabi niya. He loved the way her lips parted when she did that. Tumaas ang kanyang kanang kamay at hinawakan ito sa baba. Her skin was so soft and her scent surrounded him like it was the only thing he could breathe in right now. His body tightened as his mind played—kissing her and f*cking her senseless. He wondered how her creamy legs would wrap around his waist, her heels digging into his flesh. He wondered how sweet she would be. He wanted to taste her—right now, as a matter of fact. He wanted to do it. His arousal was jerking at the mere thought. His eyes were still focused on her parted lips.

Then he couldn’t help himself anymore; his face descended to kiss her lips.

Nabigla ito sa ginawa niya at naitukod ang mga kamay sa kanyang matigas na dibdib, ang isang

kamay nito ay hawak ang clutch bag.

She tasted like a sweet fruit that he'd never tasted before. And it was also like a drug to him that made his brain foggy and his body grow alert and hard and excited. Sinimsim niya ito, dinilaan, coaxing her...

Mayamaya ay naramdaman niya ang pagtugon nito. Ang nakatukod nitong mga kamay ay unti-unting kumapit sa lapel ng kanyang suot na jacket. He gave out a low moan, then slowly broke the kiss. He had to. Her brown eyes were hazy when he looked at her. He gave her a small, teasing smile.

"But no rush," sabi niya. "I'll give you forty-eight hours to think about it. Right now, we have a party to attend to." In his mind, he was cursing that party. Para kasing ayaw na niyang dumalo roon dahil sa dalaga. He wanted her. But he was a man of his word. Bibigyan niya ito ng dalawang araw para makapag-isip sa kanyang proposal.

"Okay," mahinang tugon ni Kenna na nagbawi na ng tingin. Inalis na rin nito ang kamay na kumapit sa lapel ng jacket niya maging ang isa pang kamay na may hawak na clutch bag at nakatukod sa dibdib niya. Hinawakan niya ito sa braso at iginiya palabas ng penthouse.

Nakatayo sa hallway si Ramon at naghihintay

sa kanila. Hindi niya nakita si Jared na siguro ay nauna na sa party na dadaluhan nila. Sa isang yate iyon kasalukuyang ginaganap, sa daungan ng mga private boats and yachts.

“Nakahanda na po ang kotse sa 'baba, Mr. Fergusson,” anunsyo ni Ramon.

Tumango si Dustin. Nang malamlasan nila ito ay saka ito sumunod. Sa meetings at ganitong business functions ay kasa-kasama niya si Ramon.

Supposedly, date niya ngayon si Monique, but Jared had managed to sabotage it. He wondered if she'd be pissed kapag nalaman nito. Hindi pa naman niya ito tinatawagan simula nang dumating siya sa Pilipinas nang nagdaang hapon. Kapag nasa bansa siya ay almost automatic na iyong ito ang ka-date niya sa mga social and business functions. But she already had a fiancé; still, they went out and f*cked sometimes.

Tama nga siguro ang pinsan niya na tigilan na niya si Monique. Dapat isaksak niya iyon sa kukote niya. But the woman just knew how to please a man like him, without complications and no strings attached at all.

Habang katabi niya si Kenna, he wondered if he'd turn her like Monique eventually. But on second

thought, maybe not. She was totally different. He'd bet every krone he had on his bank accounts: Kenna was different and would probably change him.

Bigla siyang napapreno sa isipin. Kailangan ba niya talaga ng change? At bakit sa katulad pa nitong isang obvious na inosenteng sugar baby?

Isinaksak ni Dustin sa kanyang isipan na siguro ay dahil sa na-attract lang siya masyado rito. Yes, she was beyond beautiful and amazing. There was just something about her that turned him on. Words couldn't do her justice. She was petite, but she had the right curves at the right places. He couldn't wait to see her naked, explore her soft yet supple body...

Inalalayan niya ito noong paakyat na sila sa yate. Nakita niya ang pagkamangha nito sa malaking sasakyang-pandagat. It was a luxurious one. Gawa sa fiberglass ang dingding sa mga decks. Maaliwalas ang lighting fixtures niyon na parang nasa isang hotel. Sa gitna ng top deck ay naroon ang buffet table at mga bisita na nauna nang dumating.

Ilang saglit pa ang nakalipas ay sinalubong na sila ng kanyang business associate na siyang may birthday—si Mr. Pedrosa, isang Spanish mestizo na nasa fifties ang edad. Kasama nito ang anak na si Leandra, who was in her late twenties, pretty, sexy

and Dustin knew she'd had her eye on him since time immemorial. Pero hindi niya ito pinapatulan dahil ayaw niyang magkasira sila ng ama nito. He just knew her caliber—she was the clingy and catty type. He didn't want that.

Ipinakilala niya ang kanyang date, na hostile na tiningnan ni Leandra. Inakbayan niya si Kenna, as if to protect her from the other woman. Nag-usap sila nang ilang minuto ni Mr. Pedrosa habang tahimik naman ang kanyang ka-date.

Kumuha siya ng isang kopita mula sa isang waiter na dumaan at ibinigay iyon kay Kenna upang hindi naman ito masyadong maburo. He was thankful when Jared came up to them. He let his cousin take her to the buffet table. He continued to talk to Mr. Pedrosa about business, but his eyes never left Kenna. Si Ramon naman ay kinausap si Leandra. Mukhang na-gets ng PA niya na si Mr. Pedrosa lang ang gusto niyang kausapin ngayon at wala nang iba pa.

“With the current volume we produce, China is a great market we can venture on—not only with our current market in Europe, Australia and America. Nakausap ko si Mr. Peng noong isang araw and he seems quite interested to make business with us,”

sabi ni Mr. Pedrosa na ang textile business nila ang tinukoy.

Kumuha ang binata ng isang kopita mula sa isang dumaang waiter at sinimsim ang champagne. Ganoon na rin ang ginawa ng kanyang kausap. Tumatango-tango siya bilang reaksiyon sa mga sinasabi nito, pero ang mga mata ay na kay Kenna pa rin. Napansin niyang ipinakilala ito ni Jared sa ilang acquaintances nila na pulos lalaki and they started to gather around her.

“How about we set a meeting with Mr. Peng?” suhestyon ni Mr. Pedrosa.

“Yeah,” sang-ayon niya. “That’d be great.”

“So, that means you’re going to stay here longer?” singit ni Leandra sa usapan nila.

“Yes. I’m staying longer. A couple of weeks maybe,” kompirma niya, na ikinangiti nito. Nilagok niya ang champagne.

“We’ll talk more about it next time,” sabi ni Mr. Pedrosa.

Ipinagpasalamat iyon ni Dustin. He was beginning to get tired about talking business with him. Nag-excuse ito para salubungin ang iba pang bisita na kadarating lang. Nakipagkamay ito sa mga iyon. Lumapit naman sa kanya si Leandra, na

sinundan ang direksyon ng kanyang tingin—kay Kenna.

“She’s quite young. She’s not your usual date, if I may say so,” she purred. “How old is she, by the way? Where did you meet her? I don’t think I’ve seen her before.”

Napasulyap siya rito habang si Ramon ay lumayo upang kumuha ng makakain sa buffet table. Napangisi siya pero hindi ito sinagot. Iniwan niya si Leandra at papalapit na sa kumpol na nagawa ni Kenna nang dahil na rin sa kanyang pinsan. Akala ba niya ay date niya ito? Bakit parang si Jared ang nag-show off sa dalaga sa ibang mga bisita roon?

“Hey, Dustin! I’ve been looking for you all over the place for two hours. I thought you weren’t coming.”

Napatigil siya nang marinig ang malamyos na tinig na iyon. Napalingon siya sa kanyang kanan. Papalapit sa kanya si Monique. She wore a red dress and smoky makeup. Yeah, typical of her. She wanted all the attention to her. Pero ang atensyon niya ngayon ay nasa babaeng nakasuot ng gintong damit na may mahabang slit na tila tinutukso ang bawat himaymay ng kanyang laman. It was actually driving him crazy, constantly having this hard-on

that he could barely contain.

“Hey,” sagot niya kay Monique. He noticed that she put her hair up in a sophisticated bun. She’d dyed it black this time. Mahaba pa rin ang buhok nito. She wore a pair of dangling earrings made of ruby and diamonds. She was beautiful—always had been.

“I see Jared has found a gorgeous date tonight!” nakangiting komento nito nang mapatingin sa direksyong pupuntahan sana niya.

His sensual lips pursed. “No, she’s actually my date,” pagtatama niya. “Excuse me.” Nahuli pa niya ang pag-awang ng mga labi ng babae. He was sure she was shocked by that revelation. Ibinigay niya sa isang dumaang waiter ang walang lamang kopita na hawak at tuluyan nang lumapit kina Jared at Kenna. “Excuse me, gentlemen. Babawiin ko lang ang date ko, if you don’t mind. I’d like to dance with her.” Inisa-isa niyang tiningnan ang mga kakilala nilang magpinsan na nakapalibot sa dalaga, his eyes daring any of them.

Walang pumalag, siyempre. Alam na ng lahat na ang kay Dustin ay para lang kay Dustin. Well, Monique was different. He had never claimed her ever, so he didn’t care—kahit pa nga noong magkaroon ito ng fiancé.

“Kailan ka pa ba sumasayaw sa publiko?” pabulong na sita sa kanya ng pinsan.

Hindi niya ito pinansin. Ang isang kamay niya ay nakahawak na sa kamay ni Kenna. Inagaw niya ang purse nito at inihagis iyon kay Ramon, na agad naman nitong nasalo. Hinila na niya ang namanghang dalaga sa dance floor, na nasa pangatlong deck. Inalalayan niya ito sa pagbaba ng hagdanan. Pumagitna sila sa dance floor, kung saan tila awtomatikong binigyan sila ng lugar ng ibang mga sumasayaw. Inilagay niya kaagad ang mga kamay ng dalaga sa kanyang magkabilang balikat bago niya ipinulupot ang kanyang mga braso sa maliit nitong baywang.

God! She was so small, so soft. He had the urge to protect her.

Once again, he was surrounded by her unique scent that stirred his senses. Their eyes held each other. Naglalaro sa maganda nitong mukha ang iba't ibang kulay ng ilaw sa dance floor. Dahil doon ay parang naglaho ang ibang mananayaw at tanging silang dalawa lang ang naiwan.

Lalo niyang idinikit ang katawan dito. Gusto pa niyang mas maramdaman ang lambot ng katawan nito. He pressed his arousal against her abdomen,

which made her eyes widen, then he spread his hands along the curve of her waist and buttocks. He slightly caressed her there, making her eyes even grow wider.

“You should get used to this, you know,” he whispered in her ear, kissing the lobe.

Naramdaman ni Dustin ang paghigpit ng pagkakahawak nito sa kanyang mga balikat. Yes, he knew it. He had some effect on her, although she was trying hard not to show it. They would’ve already been kissing if he’d done the same with other women, but not Kenna. She was innocent and he’d love to teach her some lessons in the art of flirting and lovemaking. He couldn’t seem to wait for it.

He must be mad! He shouldn’t have said forty-eight hours! Dapat ang sinabi niyang deadline ng kanyang proposal ay bago matapos ang gabing iyon, pero sa halip ay binigyan niya ito ng pagkakataon para makapamilya at makapag-isip. Gusto niya ay wala itong pagsisisihan sa huli kahit paano.

F*cking conscience. Akala niya ay wala siya niyon. Every woman involved with him knew it and even described him as a cruel, cold, and inconsiderate bastard.

Hinalikan pa niya si Kenna sa gilid ng leeg

pababa sa balikat nito. He couldn't resist it. Her nearness was just so tempting he couldn't contain himself anymore. His lips went up to her cheek and, finally, to her lips. His one hand traveled upward to her back and nape so she couldn't escape from his kiss while the other hand remained in between her waist and hip, pressing her against him.

His tongue invaded her mouth. She tasted like some kind of exotic fruit—sweet and heady... addictive. He continued to kiss her hot and wet. Both of them let out a low moan.

F*ck this! He had to stop or he'd take her right there and then in the middle of the dance floor!

Dustin slowly broke off the kiss. *Nakadikit ang kanyang noo sa noo ng dalaga. Kapwa sila naghahabol ng hininga.* Their breaths mingled with each other. It was so intimate, sexy and hot.

“Do you want to go home?” bulong niya sa tainga nito.

Nagtatanong itong tumingin sa kanya. He smiled at her with amusement. She was still breathless from his kiss.

“I should send you home. I don't think I can stand with you right here without thinking of taking off your clothes,” pabulong niyang dagdag.

Napasinghap ito at napatigil sa pagsasayaw.

Nakangiting hinila niya ito palayo sa dance floor at nagpaalam na kay Mr. Pedrosa. Nagpaiwan si Jared. Pinasamahan na lang niya ito kay Ramon para may umalalay rito dahil alam niyang malalasing ito mamaya. Baka madisgrasya pa ito nang wala sa oras.

Pagkabigay sa driver ng address ng babae, lumulan na sila sa backseat ng kotse. Walang imik si Kenna at nakatingin lang sa kanilang dinaanan habang tumatakbo ang sasakyan.

Sa tanglaw ng ilaw ng sasakyan ay pinag-aralang mabuti ni Dustin ang bawat anggulo ng mukha nito. It baffled him. She was like a fairy, enchanting him, and no one else had had that effect on him but her.

“Pakihinto na lang po sa tabi, Manong,” anito kay Mang Nante na driver niya.

Ah, that voice. He would like to hear how it sounded in the middle of his lovemaking.

“Good night and sweet dreams, Kenna,” paalam niya nang mapagbuksan niya ito ng pinto.

Nginitian niya ito. Tinugon iyon ng dalaga ng isang matipid at medyo nahihiyang ngiti.

3



"**S**hit, *gurl!*" nandidilat na bulalas ni Gina, ang kaibigan ni Kenna. "Are you serious?" Bahagya itong huminto habang naglalakad sila sa pathway ng universidad galing sa kanilang klase. Pauwi na sila nang hapong iyon.

"Yeah, I'll start dating," nakangiting sagot niya. "Soon."

Pagkatapos ng nangyari nang nakaraang gabi, she thought it wouldn't be so bad to try to date Dustin. Maginoo naman ito kapag gusto nito. Ipinagbukas pa siya ng pinto, inalalayan sa pag-akyat at pagbaba ng yate, at inihatid sa bahay nila mismo—hindi sa 'biglang liko' o sa penthouse nito. If he were a pure and plain bastard, with all his money, she wouldn't have decided to date him. Or technically, she wouldn't have decided to accept his proposal at all. Mahirap na ngang makatagpo ng wholesome relationships these days, sumawsaw pa siya sa *Sugar Bowl*.

Ganoon ba? O gusto mo lang talaga ang halik at haplos na ipinatikim niya sa 'yo? sulsol ng isipan niya. Aminin mo na kasi. Gustong-gusto mo ang mga iyon. First kiss pa naman niya ang lalaki.

“So, who’s the lucky guy, *gurl?*” curious na tanong ni Gina.

Bago pa siya makasagot ay napaawang na ang kanyang mga labi. Nakita kasi niya si Dustin na nakasandal sa isang magarang kotse habang nakakrus ang mga braso. Nasa labas ito ng gate at nag-aabang. Nakatitig dito ang kababaihang halos tumulo na ang laway habang ang kalalakihan naman ay interesado sa magara nitong sasakyan. Nakasuot ang binata ng shades at casual na damit—blue jeans, black V-necked t-shirt at isang pares ng asul na sneakers. His huge biceps, muscled chest, and toned stomach and legs looked delectable.

His lips pulled up into a casual smile na tila nagpa-tumbling sa puso ni Kenna. Parang hinalukay rin ang kanyang tiyan dahil doon. Kahit hindi niya nakikita ang abuhin nitong mga mata na ang lagkit kung tumitig, alam niyang hinahagod siya nito ng tingin sa kasalukuyan. Simpleng faded miniskirt na maong at puting sleeveless blouse ang suot niya. Puting open-toe strapped sandals na may dalawang

pulgadang heels naman ang footwear niya.

Naakit din ng lalaki ang atensyon ng kanyang kaibigan. Napasinghap ito. “*Gurl!* Don’t tell me, ako ang nginitian niya?” kinikilig na sabi nito.

Tumikhim si Kenna habang tila magpa-panic nang lumapit sa kanila si Dustin.

“Hi,” bati nito.

“Hi,” pa-cute na tugon ng kasama niya. “I’m Gina, *bestie* ni Kenna.” Nag-beautiful eyes pa ang dalaga. “Ang guwapo at ang bango mo!”

“Thank you,” anang binata na natawa nang mahina, sabay tanggap sa nakalahad na kamay ng babae. Hinaplos pa talaga ito ni Gina. “Going home, sweetheart?” baling nito sa kanya pagkatapos.

‘*Sweetheart*’ talaga? Para siyang magha-hyperventilate pero pinilit na umakto nang normal. Alam niyang ang charm, wit, and flirting skills niya ay hindi na importante kay Dustin, so she might as well just be herself in front of him. There was no harm in it.

“Hoy! Siya ba ang tinutukoy mo kanina?” bulong sa kanya ni Gina kahit kaharap nila ang lalaki.

“Uh-huh,” pasimpleng sagot niya.

Paimpit itong sumigaw. Pinamulahan tuloy ng mukha si Kenna dahil sa pagka-obvious ng kaibigan.

Tila naaliw lang naman si Dustin dito.

“So?” untag ng lalaki sa kanya.

“Ah, pauwi na ako. Kayo, puwede kayong dumaan sa kung saan,” nakangising sabad ni Gina. “Bye, *gurl!*”

Napamaang si Kenna bago pa man siya makaapuhap ng isasagot sa kaharap. Napangisi pa itong lalo habang siya ay waring idinuyan sa alapaap sa pagkakatingin sa mga labi nito. Hanggang ngayon ay parang nalalalahan pa rin niya ang mga iyon. His lips were tangy, sweet and uniquely Dustin. Kagatlabing sumulyap siya sa binata, hindi alintana ang naiinggit na mga tingin ng mga kapwa kolehiyala.

Bahagya siyang hinawakan ng lalaki sa siko, saka ipinagbukas ng pinto ng sasakyan. Nagulat siya na nagda-drive din pala ito. Akala niya ay nagpapa-drive lang ito kay Mang Nante.

“I was thinking if you’d like to have dinner with me,” sabi ng binata nang umaandar na ang kotse.

Hindi nakaligtas sa kanya ang sulyap nito sa mga hita niya. She could swear his eyes caressed her bare legs as her skirt hiked up.

“Iyon lang ba ang dahilan para abangan mo ako sa labas mismo ng school gate?” ani Kenna.

Kahit paano ay flattered siya sa ginawa nito. Who

wouldn't be? He was a very attractive hunk and a very rich one to boot! Ni sa panaginip ay hindi niya ito pinangarap. Nang pumasok siya sa sugar dating ay hindi niya inasahang mangyayari iyon. Taliwas iyon sa kanyang expectations noong si Jared ang ka-chat niya sa Internet.

“Of course I wanted to see you.”

Hindi siya agad nakasagot. He was quite blunt and frank. Wala pa siyang nakilalang lalaki na kasing-prangka nitong magsalita.

“Hindi naman siguro ito tungkol sa—”

He chuckled. “Maybe. Maybe not,” agad na agaw nito, tila nabasa ang isip niya.

“I still have at least twenty-eight more hours before giving my answer to your proposal,” aniya, sabay sulyap sa kanyang relo.

“Hmm... do you still have to wait that long?”

Nalaglag ang mga panga ni Kenna at napakurap-kurap sa pagkakatingin dito. Nakita niya ang amused na ngiti sa mga labi nito habang ang mga mata ay nakatutok sa kalsada. Kahit nakatagilid ito sa kanya, ang guwapo pa rin nitong tingnan.

“Ilang babae na ba ang may arrangement kang ganito?” Lumabas na iyon sa bibig ni Kenna bago pa niya na-realize.

“Curious, aren’t we?”

Nagbawi siya ng tingin nang saglit siya nitong sulyapan. Kinastigo niya ang sarili kung bakit niya naitanong iyon. Pero naisip din niya, maano bang malaman niya kung gawain ba nito ang ganoon?

Ipinarada nito ang kotse sa harap ng isang mamahaling restaurant. Narinig na niya ang tungkol sa French restaurant na iyon, pero dahil wala siyang pera ay hindi pa siya nakakapunta roon o sa kaparehong lugar. Ipinagbukas siya ni Dustin ng pinto bago pa siya makakilos. Ang bilis kasi nitong nakahakbang paikot ng kotse dahil siguro sa mahahaba nitong binti. She couldn’t help herself but admire him even more. Medyo ma-effort itong tao kung kailangan at kung gugustuhin nito.

Pagkatapos nilang mag-order ay napatitig ito sa kanya, minus the shades na. Hinubad na nito iyon bago sila makaibis sa kotse nito. Tila sinikaran ang kanyang dibdib sa pagkalagkit-lagkit nitong titig sa kanya. The harsh lights of the restaurant seemed to highlight those gray eyes.

“Tell me more about yourself,” untag nito.

Bahagya siyang napakunot-noo. “Like what? Siguro naman ay naikuwento na sa ’yo lahat ni Jared.”

“What you’ve told him, is it all true?”

Tumango siya. “Lumaki akong walang ama. I never knew him. Kahit picture man lang o pangalan niya sa birth certificate ko ay wala. I figured my mother was extremely hurt by him and she didn’t want anything to do with him, so I didn’t press her.” Ikinuwento na rin niya ang dahilan kung bakit siya nasabak sa sugar dating—ang sakit ng ina at ang pagnanais niyang makapagtapos ng pag-aaral.

“I see,” anito habang isine-serve na ng waiter ang kanilang pagkain. “And you don’t have a boyfriend?”

Muntik na siyang masamid sa tanong nito. Napaubo siya. Amused namang inabutan siya nito ng baso ng tubig. Nang tanggapin niya iyon ay nahawakan pa niya ang kamay nito. Tila siya napasooroon. Mabuti na lang ay hindi niya nabitawan ang baso. Marahan siyang uminom ng tubig habang conscious na conscious sa titig sa kanya ang lalaki.

“So, that means no,” konklusyon nito, sabay ngisi bago nagpatuloy sa pagkain.

“K-kung sinagot ba kita ng ‘meron’, ano’ng gagawin mo?”

“I’d tell you to break up with him and be my woman.”

Uminom siya ulit ng tubig dahil feeling niya ay may bumara sa kanyang lalamunan. *Why is he so*

goddamn straightforward?

“Well, I doubt you’d jump into the *Sugar Bowl* if you had one. But I still had to ask, to be sure.”

Inilapag ni Kenna ang baso sa mesa at pinanood ito habang nilulunok ang pagkain. Napatingin siya sa gumalaw nitong Adam’s apple. Bakit ang sexy nitong tingnan kahit kumakain?

His eyes met hers without moving his head. “Don’t fall for me. It’ll be a big mistake if you do,” babala nito, sabay ngiti.

Napakurap tuloy siya at pinagsalubong ang mga kilay. “W-why would I? As if nakakasigurado kang iibig ako sa ’yo.” Alam niyang defensive siyang masyado, pero wala siyang pakialam. “I’m just nineteen, so I don’t really think I’d fall in love at my age.” Nagpatuloy siya sa pagkain pagkasabi niyon.

“Hmm... you think so? Teenagers are at the peak of their raging hormones. They tend to ‘love’ blindly. Their lust can be mistaken for love at times, in fact. Hormones do that usually.”

“I keep my hormones in check. And they’re not raging, FYI,” matabang niyang sabi.

Dustin chuckled softly. Amusement shone in his eyes when she glanced at him. “That sounds like a challenge to me. Or... maybe not. I think I won’t

have any trouble unleashing your tamed hormones.”

Pinilit niyang lumunok sa sinabi nito. Tila sinadya pa nitong haplusin siya ng tingin mula sa mga mata pababa sa kanyang mga labi. Bakit ba kasi napunta roon ang usapan nila? Kitang-kita niya kung paano bumalatay ang pagnanasa sa mga mata ng kausap.

Mabilis na nag-init ang kanyang mga pisngi sa simpleng titig nito sa kanya. Kasabay niyon ay naramdaman niya ang reaksyon ng pinakasentro ng kanyang katawan. Napamura siya sa isip. Was she just being aroused by his mere words about ‘unleashing’ her hormones? Bahagya siyang napagalaw sa kanyang kinauupuan na para bang pisikal na siyang hinahaplos ng binata. Ano ba ang nangyayari sa kanya?

“We’ll see about that,” hamon niya.

Tinapunan siya nito ng isang ngising punong-puno ng kumpanyansa. Gusto na tuloy niyang kabahan. Mukhang sigurado na itong papayag nga siya sa proposal nito, na siya naman talagang ibibigay niyang sagot bukas.

Inihatid siya nito sa inuupahan nilang bahay pagkatapos ng dinner. Nang maihinto ang sasakyan ay pumihit ito paharap sa kanya. Bigla na lang

siya nitong kinabig sa batok at siniil ng halik sa labi. Ibinuka nito ang kanyang bibig at pumasok ang dila nito roon. Para siyang naka-program na awtomatikong tumugon sa halik nito. Para kasing droga iyon—nakaka-addict.

Kusa ring kumapit ang kanyang mga kamay sa mga balikat nito. Narinig niya ang mahina nitong pag-ungol habang hinahalikan siya. Nang kumalas ito, parehong mabilis ang kanilang paghinga. Pagkatapos siyang titigan nang ilang saglit ay napamura ito nang mahina at umibis na ng kotse.

May nagawa ba siyang mali?

Binuksan nito ang pinto sa side niya. She gathered her things and got out of the car.

“I’ll see you tomorrow,” mahinang sabi nito.

Pinanood siya nitong pumasok ng bahay. Bago pa niya maisara ang pinto ay muli na itong sumakay sa kotse at pinasibad iyon. Napahugot ng malalim na hininga si Kenna bago iyon marahang pinakawalan.

“Ginabi ka yata ngayon, anak,” puna ng ina.

Isinara na niya ang pinto. Nagmano siya sa ina at hinalikan ito sa pisngi. “May... nag-invite sa aking kumain sa labas, ’Nay.”

“Kaklase mo?” curious nitong tanong na sinundan pa siya sa kanyang silid.

“Kakilala lang po. Kumain na kayo?”

“Oo. Huwag kang mag-alala, sinunod ko sa abot ng aking makakaya ang mga dapat lang na kainin. Promise.”

Napangiti siya at niyakap ang ina. Hinalikan niya itong muli sa pisngi at saka napapikit. “I love you, 'Nay.”

Tinapik nito ang kanyang likod. “I love you, too.”
Ah, gagawin niya talaga ang lahat para dito.